

**OPISYAL NA PAHAYAG**

Mayo 6, 2020

Contact: City of Long Beach Joint Information Center, 562.570.NEWS, [jic@longbeach.gov](mailto:jic@longbeach.gov)

Para sa Agarang Pahayag

## **Karagdagang Limitadong Tingi at Mga Panlabas na Aktibidad sa Libangan ay Magbubukas na may Paghihigpit sa Long Beach**

Long Beach, CA - Ngayon, inihayag ng Lungsod ng Long Beach ang mga karagdagang tingi, golf, at mga daanan na magbubukas na may mga paghihigpit sa Biyernes, Mayo 8. Ang mga karagdagang oportunidad sa panlibangan ay magbubukas Lunes, Mayo 11.

“Ang aming desisyon ng pagbubukas ay base sa pinakamahusay na payo sa kalusugan ng publiko at mga data na nagpapahiwatig ng pag-flatten ng mga na-ospital at kapasidad sa aming mga ospital,” sabi ni Mayor Robert Garcia. “Umaasa kami na ang mga residente ay masisiyahan sa mga panlibangan na ito at magbibigay ito ng kaunting ginhawa sa aming maliliit na negosyo.”

Ang Lungsod ng Long Beach ay patuloy na sumusubaybay sa ilalim ng Los Angeles County sa mga impeksyon at mga pagkamatay dahil sa COVID-19. Ang Lungsod ay may sapat na kapasidad ng ospital at 50% ng mga kama ay maaaring magamit sa anumang araw. Nakakuha din ang Lungsod ng higit sa 225 na mga bentilador, at anumang oras, 70% ng mga bentilador na ito ay maaaring gamitin. Ang mga ito, kasama ang matatag na pagsusuri, ay makapagbibigay-daan sa pagbubukas ng mga tingi at mga lugar ng libangan sa mga sumusunod na araw.

Ang mga pagbabago ay sinusubaybayan ng maigi habang nananatiling pangunahing pag-aalala ang pisikal na pag-distansya.

Epektibo sa Mayo 8, 2020 na may wastong pagpapakalinis at pisikal na distansya sa lugar bago magpatakbo:

- Ang mga sumusunod na mga negosyo ay maaaring magpatakbo ng curbside pickup o pang-delivery lamang. Mga negosyo ng:
  - Mga bulaklak
  - Mga Laruan

- Musika
- Mga Libro
- Damit
- Sporting goods
- Ang mga golf course ay pinahihintulatang magpatakbo. Ang mga golf kart ay pinahihintulatan hangga't ang mga ito ay nililinis ng disimpektante na kwalipikado para magamit laban sa COVID-19 bawat gamit. Ang mga tindahan ng pagkain at mga restawran na matatagpuan sa loob ng golf course ay maaari lamang magpatakbo ng pang take-out. (Ang pagpapatakbo ng mga tingi sa golf course ay hindi pinapayagan.)
- Pamublikong daanan at mga trailhead (DeForest Wetlands, Nature Center at Willow Springs) ay magbubukas, sa kondisyon na ang mga indibidwal ay nakikibahagi sa mga pisikal na pagdidistansya kabilang ang pagsuot ng panakip ng mukha habang malapit sa ibang mga tao. Ang mga panakip ng mukha ay hindi kailangan para sa mga nakikibahagi sa pang malayong distanya na ehersisyo. (Ang mga paradahan na may access sa mga trailhead ay magbubukas lamang para pangasiwaan ang access para sa mga daanan.)
- Bukas ang mga showroom ng pagbebenta ng kotse na sumusunod sa pagdistansya at mga protokol para sa pagkontrol ng impeksyon.

Para sa karagdagang impormasyon o patnubay, ang mga may-ari ng negosyo o mga manggagawa ay maaaring tumawag sa 562.570.4BIZ (4249).

Epektibo sa Mayo 11, 2020, ang mga sumusunod na lokasyon ay magbubukas sa publiko, kapag mahigpit na inoobserba ang pisikal na pagdistansya:

- Mga tennis court, hangga't ang wastong paglilinis at pisikal na pagdistansya ay onoobserbahan bago magpatakbo.
- Archery
- Disc golf
- Mga daanan para sa mga bisikleta at mga tao katabi ng bahagi ng beach na may buhangin.
- Paradahan ng park (Ang mga beach ay mananatiling sarado, pati ang mga paradahan ng beach)

Sa mga darating na araw, ang isang karagdagang Utos sa Kalusugan ay ilalabas upang magbigay ng karagdagang direksyon at paglilinaw kung paano pahihintulatan ang bawat sektor na mabuksan ng ligtas, na nakahanay sa "Masligtas na nasa Tahanan" na utos.

**Isang nota tungkol sa mga Parke ng Lungsod sa Araw ng mga Ina**

Bagaman ang mga pasilidad ng isports at beach ng Lungsod ay sinara mula noong dulo ng Marso, ang mga parke ay nakabukas pa rin sa passive na paggamit tulad ng paglalakad at pagbibisikleta. Dahil ang araw ng mga Ina ay karaniwang nakakaakit ng malaking pagtitipon sa mga pampublikong parke, nais ng mga opisyal ng Lungsod na paalalahanan ang mga bisita sa parke na sa Linggo, Mayo 10, ang parke ay bukas lamang para sa passive na paggamit. Ang mga pagtitipon at pagpipiknik ay hindi papayagan sa mga park o paradahan.

Ang aksyon na ito ay ipinatupad ng Opisyal ng Kalusugan ng Lungsod, Dra. Anissa Davis, at alinsunod sa mga Kapangyarihang Pang-Emerhensya na ibinigay sa Pamamahala ng Lungsod sa pamamagitan ng [Proklamasyon ng Lokal na Emerhensiya](#).

Para sa pinakabagong impormasyon sa COVID-19, at mga detalye sa lahat ng ginagawa ng Lungsod ng Long Beach para mapanatiling ligtas ang kanilang mga residente, bumisita sa: [longbeach.gov/COVID19](https://longbeach.gov/COVID19) at sundan ang @LongBeachCity sa Facebook, Twitter at Instagram.

###